

Dalawang 'State U' hinirang bilang DOST Tuklas Lunas Center

Ni Luisa S. Lumioan
S&T Media Service, DOST-STII

Dalawa pang state university ang hinirang bilang bahagi ng proyektong Tuklas Lunas Center ng Philippine Council for Health Research and Development ng Department of Science and Technology (DOST-PCHR).

Ang Mariano Marcos State University (MMSU) ng Ilocos Norte at ang Visayas State University (VSU) ng Leyte ang napiling mapabilang sa network ng mga Tuklas Lunas Center na magiging sentro ng natural products research para sa programang drug development ng bansa. Tatlong institusyon lamang ang hihirangin para sa proyekto na kakatawan sa Luzon, Visayas, at Mindanao. Ang mga nasabing institusyon ay napili batay sa kapasidad at husay ng institusyon maging ang mga tauhan nito na magsagawa ng research and development (R&D).

Ngunit bago pa man mahirang ang dalawang institusyon ay nauna nang hinirang ang Mindanao State University-Iligan Institute of Technology bilang Tuklas Lunas Center para sa Mindanao noong
sundan sa pahina 2

Bilang ng mga DOST iskolar tumaas ng 7.1% **p2**

Mga bagong imbensyon mula sa iba't ibang sulok ng bansa itatampok sa 2013 RICE..... **p3**

LarawaNews **p3**

'Pick-up lines' kaya din ng mga siyentipiko **p4**

'DOSTv' hatid ay 24/7 balitang panahon



Ni George Robert Valencia III
S&T Media Service, DOST-STII

Isang kasunduan ang nilagdaan kamakailan sa pagitan ng Department of Science and Technology (DOST) at Philippine Cable Television Association (PCTA), Inc. upang maisakatuparan ang pagkakaroon ng 24 oras na programang pangtelebisyon na magtatampok sa mga pinakahuling ulat sa taya ng panahon.

Sa pamamagitan ng 'DOSTv' ang publiko ay mabibigyang kaalaman hinggil sa pinakahuling kaganapan sa lagay ng panahon 24 oras kada araw. Ang mga impormasyon ay magmumula sa Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Service Administration (DOST-PAGASA) kasama ang mga real-time satellite at Doppler image at mga datos mula sa mga weather sensor ng Program NOAA o Nationwide Operational Assessment of Hazards.

"This partnership significantly contributes to our ongoing efforts to mitigate the destructive effects of natural calamities such as typhoons and monsoon rains under the backdrop of climate change," wika ni DOST Secretary Mario G. Montejo.

Ang DOSTv ay pangangasiwaan ng Science and Technology Information Institute (DOST-STII)

at nakatakdang magsahimpapawid sa Mayo at ipapalabas sa 90 porsyento ng mga franchiser ng PCTA. Ayon kay PCTA Chairman Elpidio M. Paras, ang PCTA ay mayroong mahigit 300 na miyembro na cable provider sa buong bansa.

"This is an important milestone for the cable industry as it is for the economy. Our lives are greatly affected by weather and climate, especially those in the regions whose primary source of income is agriculture," wika ni PCTA Chairman Paras.

Ayon naman kay DOST-STII Director Raymund E. Liboro panahon na upang mabigyang solusyon ang mga suliranin sa paghahatid ng mga karampatang babala sa mga komunidad sapagkat lubhang malakas ang mga kalamidad na naranasan ng bansa sa mga nakaraang taon.

Ayon naman kay Dr. Alfredo 'Mahar' Lagmay ng Program NOAA nangunguna ang Pilipinas sa bilang ng mga naranasang kalamidad sa mundo. Gayun pa man, mahalaga ang pakikiisa ng mga pamahalaang lokal at mga pribadong tanggapan sa DOST-PAGASA at Program NOAA upang maging handa sa anumang kalamidad at mabawasan ang mga biktima ng mga trahedyang

Bilang ng mga DOST iskolar tumaas ng 7.1%

Ni Allan Ace Aclan
S&T Media Service, DOST-STII

Ikinalugod ng pamunuan ng Department of Science and Technology (DOST) ang 3,597 na mga mag-aaral sa high school na maging DOST undergraduate scholar sa taong 2013 -2014.

Ang bilang ng mga kuwalipikadong mag-aaral ay mas mataas ng 7.1% kumpara sa 3,359 na bilang ng mga pumasa noong nakaraang taon. Bukod dito, ang bilang ng mga munisipyo na may mga kuwalipikadong mag-aaral ay nadagdagan sa bilang na 1,107 sa taong ito kumpara sa 975 noong 2012.

Mula sa kabuuang bilang ng mga pumasa sa taong 2013, ang 3,089 ay nabibilang sa mababang antas ng kabuhayan at kuwalipikado sa ilalim ng RA 7687 Scholarship grant, habang ang 508 na mag-aaral ay kuwalipikado sa ilalim ng DOST-SEI Merit Scholarship Program.

Ang mga kuwalipikado ay maaaring kumuha ng mga kursong naaayon sa larangan ng agham at teknolohiya. Ang mga RA 7687 scholar ay makatatanggap ng tulong pangmatrikula, buwanang stipend, book allowance at iba pa habang ang mga scholar sa ilalim ng programang Merit Scholarship ay makatatanggap din ng parehong benepisyo maliban sa pro-rated na buwanang stipend na nakabatay sa antas ng kabuhayan ng kaniyang pamilya.

Wika ni DOST Secretary Mario G. Montejo na ang mga scholarship program ng kagawaran ay makapagbibigay ng pagkakataon sa mga kuwalipikadong mag-aaral sa mataas na kalidad na edukasyon sa mga pangunahing unibersidad at kolehiyo.



<http://region11.dost.gov.ph>

Nais ng programang ito na madagdagan ang bilang ng mga siyentipiko at inhinyero upang mapalakas ang ekonomiya ng bansa.

"We are optimistic that this new breed of future scientists and engineers will help us in creating S&T-based solutions for us to achieve a 'smarter' Philippines," ayon kay Sec. Montejo .

Samantala, naniniwala si SEI Director Filma G. Brawner na sa pamamagitan ng iba't

ibang scholarship program ay makakamit ng bansa na palakasin ang 'human resource' nito.

"I believe that through the different scholarship programs of DOST-SEI, we are slowly inching towards meeting the ideal number of scientists and engineers per million population as well as in reaching our vision of a scientifically-equipped society," wika ni Brawner.

Dalawang 'State U'...

Mula sa pahina 1

nakaraang taon.

Makatatanggap ang mga nahirang na state university ng mga research at equipment grant mula sa DOST-PCHRD para sa mga kaukulang R&D na nakalinya sa inisyatiba ng drug development.

"We are very happy that we have been chosen because it means our research efforts are being recognized. Of course, the equipment and research grant will greatly help in capacitating our faculty and students. We are also glad that our institution will have the opportunity to contribute for the country's research effort

in natural products research for drug discovery," wika ni Dr. Edgardo Tulin, Vice President for Planning and Resource Generation of VSU bilang reaksyon sa pagkakapili sa kanilang institusyon bilang isa sa mga Tuklas Lunas Center.

Tungkulin ng mga institusyon na nakapa-ilalim sa proyektong Tuklas Lunas Center na maging bukas sa pakikipagkolaborasyon sa iba pang institusyon sa kani-kanilang lugar upang pag-ibayuhin ang drug discovery research sa bansa.

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD
Editor-in-Chief

JOY M. LAZCANO
Copy Editor

JAMES B. INTIA
Layout

MARIO B. BUARAO
Design

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng institusyon ng impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

www.stii.dost.gov.ph

Mga bagong imbensyon mula sa iba't ibang sulok ng bansa itatampok sa 2013 RICE

Ni Luisa S. Lumioan
S&T Media Service, DOST-STII

Muli na namang magtatagisan ng galing at pagkamalikhain ang mga Pilipinong imbentor at mananaliksik sa 2013 Regional Invention Contests and Exhibits (2013 RICE) na inorganisa ng Department of Science and Technology (DOST) sa pamamagitan ng Technology Application and Promotion Institute (DOST-TAPI) katulong ang mga DOST Regional Office.

Anim na kategorya ang paglalabanan sa nasabing patimpalak, ang Invention (Tuklas Award), Utility Model, Industrial Design, Creative Research (Likha Award), Student Creative Research (Sibol Award) for High School at Student Creative Research (Sibol Award) for College.

Ang mga magwawagi sa 2013 RICE ay awtomatikong makalalahok sa National Invention Contests and Exhibits na gaganapin sa susunod na taon.

Tanging mga imbensyong may umiiral na patent mula sa Intellectual Property Office-Philippines ang maari lamang maging kalahok sa Invention Category habang ang mga likha na may umiiral na utility model registration ang maaaring lumahok sa Utility Model Category. Samantala, kailangang mayroon namang industrial patent/registration ang mga entry



FILE PHOTO

para sa Industrial Design Category. Ang mga patent registration maging ang iba pang uri ng mga Intellectual Property protection ay kinakailangan upang mapangalagaan ang mga likha ng bawat kalahok.

Ang mga imbensyon o likha na walang patent o nasa proseso pa lamang ng aplikasyon ay maaaring maging kalahok naman sa Creative Research Category.

Samantala, ang mga mag-aaral sa High School at Kolehiyo ay maaaring lumahok sa kategoryang Student Creative Research para sa High School at College. Ang kanilang mga likha ay kailangang mayroong endorsement mula sa paaralang kinabibilangan kung saan ginawa ang pananaliksik.

Ang mga out-of-school youth ay maaaring lumahok sa alinman sa mga kategoryang Creative Research o Student Creative Research matapos makakuha ng endorsement mula sa local inventors association sa kanilang rehiyon.

Ang mga nais lumahok ay maaaring tumawag o magsadya sa mga tanggapan ng DOST sa rehiyon para sa karagdagang impormasyon.

Ang 2013 RICE ay isasagawa mula Abril hanggang Nobyembre ng kasalukuyang taon at mayroong temang Inventions and Innovations for Smarter Philippines. Ang DOST Region IV-B (MIMAROPA) ang nakatakdang magdaos ng unang yugto ng patimpalak na gaganapin sa Abril 16-17 sa Calapan City, Oriental Mindoro.

Ang pagdaraos ng Regional at National Invention Contests and Exhibits ay alinsunod sa Republic Act No. 7459 o ang Inventors and Invention Incentives Act of the Philippines at isinusulong ng DOST-TAPI.

Iginawad kamakailan ni Department of Science and Technology Industrial Technology Research Institute (DOST-ITDI) Director Nuna E. Almanzor (pangatlo mula kaliwa) kay Arvin International Marketing Incorporated (AIMI) President Joseph Yao ang sertipikasyon ng pagtatapos para sa in-factory training course ng Salt Iodization Quality Assurance/ Quality Control o ang pagsasanay na nagbibigay kaalaman sa mga lokal na gumagawa ng iodized salt ng naaayong dami ng iodine batay sa standard ng pamahalaan at siyentipikong pamamaraan ng salt iodization. Batay sa pinakahuling pagsusuri, tumaas ang bilang ng mga taong kinakitaan ng Iodine Deficiency Disorder dahil sa hindi wastong dami ng iodine sa mga ibinebentang iodized salt sa merkado. Kasama rin sa larawan mula kaliwa ay sina GAIN Associate Consultant Edward Otico, DOST Region 4-A Director Alexander Madrigal, Zeny Yao, AIMI Chief Financial Officer, at Aika Yao, AIMI Chief Operations Officer. (Kuha ni Henry A. De Leon, S&T Media Service, STII)





“One liner joke” kaya din ng mga siyentipiko

Ni Angelica A. de Leon
S&T Media Service, DOST-STII

Sino ang nakapagsabi na ang mga siyentipiko ay seryoso at mahirap kausapin? Nang aking kapanayamin ang isang siyentipiko at dalubhasa sa marine biology, ako ay nagulat nang siya ay humirit ng:

“Alam mo ba kung bakit kailangang magpa-litrato sa loob ng helicopter?” tanong niya sa akin matapos ang aking panayam. “Para cute,” sagot niya nang nakangiti.

At hindi pa diyan nagtapos ang kanyang mga kwelang ‘pick up line’. “Bakit kailangang maglanding ang helicopter sa bilog na marka ng isang helipad?... Para shoot,” wika pa niya. At mga ngiti din ang namutawi sa aming mga labi ng mga sandaling yun, na sinabayan ng masarap na tawanan.

Matapos ang aming group picture ay humirit pa siya ng isa pang malupit na “joke”. “O eto, kapag may babaeng nahimatay sa harap mo, bakit kailangan mo siyang titigan? Para ma-conscious,” habol pa niya.

Ang mga kwelang pick up lines na ito ay nagmula kay Dr. Porfirio Alexander Aliño o Sir Perry, isang marine biologist at propesor sa Marine Science Institute ng University of the Philippines Diliman. Sa kabila ng kanyang galing sa “one-liner joke”, si Sir Perry ay isang mahusay na mananaliksik ng mga coral reef sa bansa.

Ito ang nagtulak upang siya ay parangalan ng National Academy of Science and Technology ng Department of Science and Technology bilang Outstanding Young Scientist noong 1993. Siya ay pinarangalan din ng Plaque of Appreciation ng International Society for Reef Studies noong 12th International Coral Reef Symposium sa Queensland, Australia noong 2012.

Ngunit ang lahat ng mga pagkilala sa kanya ay tila hindi alintana ng kanyang kaisa-isang anak na si Pierre Angelo noong ito ay nasa kindergarten pa lamang. Ikinuwento ni Sir Perry na kapag itinatanong ng mga kaklase ng kanyang anak kung ano ang kanyang trabaho ay sinasabi nito na ang kanyang ama ay isang Robotics Engineer sapagkat ang larangang ito ay mas madaling ipaliwanag sa murang isip ng mga kabataan kaysa sa isang Marine Biologist.

Buhay ng isang marine biologist

Masasabing isang magandang karanasan para kay Sir Perry ang maging marine biologist sapagkat siya ay nagkaroon ng pagkakataong masilayan ang Great Barrier Reef ng Australia noong siya ay nag-aaral para sa kanyang doctor’s degree sa James Cook University sa North Queensland, Australia. Ngunit kaakibat din nito ang panganib dulot ng paglangoy sa malalalim na bahagi ng karagatan. “When we were surveying Tubbataha in 1982, we were diving in very deep areas, and we were encountering sharks – every day, sometimes six sharks per

dive,” kuwento ni Sir Perry. Inilahad din niya ang isang insidente nang mayroong paparating na bagyo sa kanilang diving site sa Kalayaan Islands at kailangan niyang mamili kung isasakripisyo nya ang buhay niya at ang kanyang mga kasama alang-alang sa siyensya. “I aborted the dive eventually and my colleagues said to me on our way back that they were actually contemplating on resigning should he pursue the dive,” sabi niya.

Mga pulis sa karagatan

Maliban sa mga panganib, malaki rin ang responsibilidad ng isang marine biologist sa pag-aalaga n gating karagatan. “In general, the coral reefs in the Philippines are the most diverse. Unfortunately, we term this as the center of highest biodiversity but it also has the highest conditions of adversity,” sabi niya.

Ipinaliwanag niya na habang dumarami ang populasyon ng bansa ay lumiliit naman ang bilang ng likas na yaman nito. At kasabay ng pagliit ng likas-yaman ay ang pagdami naman ang mga problemang may kaugnayan sa mga coral reef. Kabilang dito ang pagkasira ng mga ito dulot ng climate change at mga illegal fishing activity tulad ng pagpasok ng mga “commercial fishing” sa mga bahagi ng dagat na tinatawag na municipal waters at dynamite fishing. Dahil dito ay apektado rin ang kalikasan at food security ng bansa.

At dahil sa mga suliraning ito ay kumilos ang pamahalaan katulong ang mga local committee at non-government organization upang magsagawa ng mga proyekto tulad ng pagdedeklara ng mga marine protected areas (MPAs). Sa kasalukuyan, ang bansa ang may pinakamaraming MPAs sa buong mundo. Nakatutulong din ang Para el MAR Awards, o MPA Awards and Recognition na iginagawad ng Department of Science and Technology at iba pang ahensya taun-taon sa mga pangunahing marine protected area ng bansa.

Sa kasalukuyan, ang kakulangan sa pakikipag-ugnayan ng mga ahensyang nasa likod ng mga proyektong ito ang hinahanapan ng solusyon ng Marine Science Institute ng UP Diliman. Kanya ding binanggit ang mga insidente ng mga ship grounding tulad ng nangyari sa USS Guardian na sumadsad sa Tubbataha Reef noong Enero. “You have to engage the local management bodies, in this case, the Tubbataha Management Office. They have to be supported, instead of being relegated to the background. What I know is that the USS Guardian was using a 2006 version of the navigation maps which should have already been updated in 2010,” paliwanag niya.

Sa ngayon ay dalawang taon nang hindi sumasama sa diving activity ng kanyang grupo si Sir Perry ngunit sa kabila nito ay aktibo pa rin ang kanyang mga pag-aaral sa coral reef at pakiki-ugnayan sa mga komunidad sa tabing dagat maging ang mga institusyon sa ibayong dagat hinggil sa mga proyektong may kinalaman sa coral reef.